

Ligtas na Pagpunta sa Beach !

Sa nakalipas na 5 taon ay naging madalas ang aksidente sa mga beaches sa Hokkaido na may banyagang nakasama sa 58 katao. Upang maging masaya at ligtas sa pagpunta sa beach, alamin ang mga katangian ang dagat at mga puntos upang makaiwas sa aksidente.

Mula sa HP ng 1st Regional Coast Guard（Hunyo 2026 hanggang sa kasalukuyan）

Alamin ang Katangian ng Dagat !


Offshore Current

May hindi nakikitang malakas na agos ng alon na madaling nakakaanod papunta sa gitna ng dagat. Lumangoy nang pahalang papunta sa dalampasigan upang makalabas dito.



Alon at Hangin

Pabagu-bago ang ihip ng hangin at lakas ng alon. May bigla na lang darating na malaking alon na maaari tayong lamunin at ating ikalunod. Ang malakas na hangin naman ay makakatumba ng salbabida o nakakatangay sa gitna ng dagat.



Lugar na malalim ang Tubig

Mahirap malaman kung saan malalim ang tubig at may lugar na bigla na lang lumalim. Ang mga bato ay nagiging dahilan ng kasugatan at pagkalunod. Mas mainam na magsuot ng marine shoes.



Mga Delikadong nilikhang naninirahan sa dagat

May mga dikya at pagi na nakakalason kapag natusok o nakagat nito. Huwag lapitan o hawakan kung makita ito.



Iwasan ang Aksidente sa Beach !

Pumunta lamang sa mga Itinalagang Beaches !

Sa nakaraaang 5 taon, may 12 katao ang pumanaw dahil sa pagpunta sa beach sa Hokkaido na hindi itinilaga para languyan. Mangyaring pumunta lamang sa mga beach na may mga nakabantay at life savers.



Huwag gawin ang hindi kaya・Hindi tamang bagay !

Huwag lumusong sa dagat kung masama ang pakiramdam, kailangang mag warm up muna bago lumusong dito. Ang paggawa ng mga hindi tamang bagay ay nagiging dahilan ng aksidente at maaaring ikamatay. Magsuot ng life jacket.



Huwag pumunta sa beach kapag masama ang panahon !

Alamin muna ang panahon at lakas ng alon bago pumunta sa beach ! Pabagu-bago ang panahon, alamin kung may maputing alon o kung malakas ang hangin. Dapat ring alamin ang pinakabagong ulat ng panahon.



Insidente・Aksidente sa Beach ay

Numero「118」



Alamin ang Impormasyon para sa kaligtasan ng Dagat

Water Safety Guide

https://www6.kaiho.mlit.go.jp/watersafety/

www.hiecc.or.jp/soudan support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845